Washington State Health Care Authority

Washington State Department of Social & Health Services
Transforming lives

# Washington Apple Health
# Mga Karapatan sa Administratibong Pagdinig at Mga Deadline
### Washington Apple Health Administrative Hearing Rights and Deadlines

May karapatan ka sa isang administratibong pagdinig kung tutol ka sa aming pasya na tumanggi, nagwakas, o nagpabago sa iyong coverage sa Washington Apple Health.

- May 90 araw ka mula sa petsa sa itaas ng paunawang ito upang humiling ng pagdinig. Kung hindi ka humiling ng pagdinig sa loob ng 90 araw, maaaring mawawalan ka ng karapatan sa isang pagdinig.
- Kung gusto mong panatilihin ang iyong coverage sa panahon ng proseso ng pagdinig, tingnan ang **patuloy na coverage sa panahon ng proseso ng administratibong pagdinig** sa ibaba.
- Maaari mong repasuhin ang mga tuntunin sa pagdinig sa Washington Administrative Code (WAC), kabanata 182-526.
- Maaaring wala kang karapatan sa isang pagdinig kung ang iyong coverage ay tinanggihan, winakasan, o binago dahil nagbabago ang mga batas ng estado at pederal at awtomatikong nakakaapekto sa lahat ng tao na naka-enrol sa programa sa parehong paraan (RCW 74.09.741(3)).
- Kung mayroon kang agarang pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan, maari kang humiling ng pinabilis na pagdinig at kailangang magsumite ng medical na katibayan ng pangangailangan. Pagpapasyahan ng hukom kung maari kang magkaroon ng pinabilis na pagdinig. Maaring hindi ka makakatanggap ng pinabilis na pagdinig kung patuloy kang tumatanggap ng coverage.

Kung ikaw ay may mababang kita, maaaring makatutulong sa iyo ang Coordinated Legal Education Advice and Referral (CLEAR) na makahanap ng libreng legal na tulong. Maaari kang mag-aplay sa http://nwjustice.org/clear-online, o:

- Kung wala pang 60 taong gulang, tawagan ang CLEAR sa 1-888-201-1014.
- Kung 60 taong gulang o higit pa, tumawag sa CLEAR Senior sa 1-888-387-7111.

**Patuloy na kasaklawan sa panahon ng proseso ng administratibong pagdinig**

- Maaari mong mapapanatili ang iyong coverage sa panahon ng proseso ng pagdinig kung sinasabi ng paunawa sa iyo na wawakasan, sususpindihin o babawasan ang iyong coverage sa Washington Apple Health, o nakaraang awtorisado na mga serbisyo.
- Upang mapanatili ang iyong coverage, kailangan mong humiling ng isang pagdinig bago ang ika-10 na araw matapos naming ipadala ang paunawa ng aksyon sa'yo o ang huling araw ng buwan bago magkabisa ang aksyon.
- Kung matatanggap mo ang patuloy na coverage o mga serbisyo at matatalo sa pagdinig, maaaring kailangan mong bayaran ang hanggang 60 araw ng patuloy na coverage o mga serbisyo (tingnan ang WAC 182-504-0130).
- Hindi mo matatanggap ang coverage habang naghihintay ng pagdinig upang tutulan ang pagtanggi sa iyong aplikasyon sa Washington Apple Health.

**Paghiling ng administratibong pagdinig**

Upang humiling ng isang administratibong pagdinig, o kung kailangan mo ang isang interpreter o iba pang tulong upang humiling ng isang pagdinig, gawin ang isa sa sumusunod:

- Tawagan ang Community Service Office sentro ng serbisyo sa customer sa 1-877-501-2233 o tawagan ang inyong lokal na tanggapan ng Home and Community Service (HCS).
- Tawagan ang LTC Specialty Unit sa 1-855-873-0642 o tawagan ang inyong lokal na tanggapan ng Developmental Disabilities Administration (DDA).
- Sumulat o sagutan ang form ng Paghiling ng Administratibong Pagdinig na HCA 12-507 (na makukuha sa www.hca.wa.gov/apple-health-client-forms) at:

  I-fax sa 1-888-338-7410; O

  Ipadala sa: CSD Customer Service Center PO Box 11699 Tacoma, WA 98411-6699

Kung hindi mo alam kung sino ang kontakin, tawagan ang numero sa unang pahina ng sulat na ito. Rerepasuhin namin ang iyong kaso at susubukang kokontakin ka upang malutas ang problema bago ang pagdinig.